# Balitang Manmin

BILANG 67 AGOSTO 5, 2012


# “Nasa mga Libro ang Hinaharap”

## Lumahok ang Urim Books sa Seoul International Book Fair 2012
## Itinampok ang 475 Libro ni Dr. Jaerock Lee sa Iba't Ibang Wika




Noong Hunyo 20-24, idinaos ang Seoul International Book Fair 2012 sa COEX, Samsung dong, Seoul sa paksang “The Future is in Books” (Nasa mga Libro ang Hinaharap). Sumali sa pagtatanghal na ito ang 580 na tagapaglathala mula sa 20 bansa. Bilang panauhing pandangal, buong pagmamalaking itinanghal ng Saudi Arabia ang kanilang kultura sa mga babasahin. Namangha ang mga tagapaglathala sa mga libro ng Urim Books na naisalin sa napakaraming wika. Libo-libong tao mula sa Korea at sa ibang bansa ang bumisita sa puwesto ng Urim Books, kasama ang Pangulo ng Asia Pacific Publishers Association, si Sonia Santiago.

### Sinimulan ng Urim Books ang Paglalathala sa Iba't ibang Wika

Ang kahulugan ng ‘Urim’ sa wikang Hebreo ay ‘ilaw’. Naipalaganap na ng Urim Books ang ebanghelyo sa mga tao sa buong mundo sa paglalathala ng mga libro sa iba’t ibang wika magmula nang maitatag ito. Sa pamamagitan ng mga libro tungkol sa Cristianismo, ang ministeryo ng paglalathala ay malaking tulong dahil hindi lang pang panandaliang karanasan ito kundi pangmatagalan. Pwedeng ulit-ulitin ang pagbabasa nito at tatanggap pa rin ng pagpapala.

Ang pinakaunang inilathala noong 1987 ay ang libro tungkol sa patotoo ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life Before Death*. Nakapaglathala na ng maraming libro ang Urim Books tulad ng *The Message of the Cross, The Measure of Faith, Heaven I at II, Hell, Awaken Israel, Footprints of the Lord I, Seven Churches*, at *Love is the Fulfillment of the Law*. Sa Book Fair, itinampok ng Urim Books ang 79 libro ni Dr. Lee sa wikang Koreano at 194 librong nailimbag sa 40 wika. Ipinakita rin ang 201 na e-book sa 32 wika at isang ‘audio book’ sa wikang Ruso.

### *The Message of the Cross* sa 33 Wika

Ang puwesto ng Urim Books ay pininturahan ng puti upang ipaalala sa atin na ang Diyos ay ilaw. Nilagyan din ito ng iba't ibang magagandang kulay na sumisimbolo ng makalangit na liwanag. Ang puwesto ay inayos sa paraang gagabay sa mga bisita para mas maunawaan nila ang proseso ng pagsasalin at pamamahagi ng mga libro sa isang sulyap lang.

Sa gitnang bahagi ng puwesto, makikita kung ano nang mga libro ang naisalin at sa kung anong mga wika ito. Mayroon nang 74 wika, sa kasalukuyan. Itinampok ang librong ‘dapat basahin’ ng bawat Cristiano, ang *The Message of the Cross* na naisalin na sa 32 wika. Nakatawag ng pansin ang *Hell* na nailathala na sa 15 wika. Nagpakita rin ng interes ang mga bisita sa 'e-book' na may sariling puwesto para sa mga mambabasa. Ang Diyos ay naluwalhati dahil dito.

Namangha si Kumar Vikram, editor ng National Book Trust sa India, sa mga libro ni Dr. Lee na nailathala na sa maraming wika. Hiniling niya sa Urim Books na sumali sa pandaigdigang Book Fair sa New Delhi, India na gaganapin sa 2013.

Sinabi nina Jaroslave Olsa, Kinatawan ng Czech Republic at Ivana Bozdechova, Propesor sa Czech at Slovak Studies sa Hankuk University of Foreign Studies, na hindi nila akalaing nakapagsalin na ng mga librong Koreano sa wika ng Czech.

Maraming mga tagapaglathala mula sa Estados Unidos, France, Indonesia, Taiwan, India at mga kumpanyang may kinalaman sa pagdidisenyo at paglilimbag ang bumisita sa Urim Books para pag-usapan ang pakikipagtulungan sa kanila.

Sa pakikibahagi sa Book Fair, inaasahang mangunguna ang Urim Books sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo sa pamamagitan ng paglalathala ng mga libro sa loob at labas ng Korea. Abangan ninyo ang mga librong para sa mga bata, mga estudyante, mga bagong mananampalataya, at mga hindi mananampalataya; mga librong isinalin sa iba’t ibang wika, mga ‘e-books’ at ‘audio books’ na magiging abot-kamay na ng mga mambabasa.

# Maging ang mga Aso ay Kumakain ng mga Mumo

"Ngunit lumapit siya at lumuhod sa Kanya, na nagsasabi, 'Panginoon, tulungan Mo ako'. Siya'y sumagot at sinabi, 'Hindi mabuti na kunin ang tinapay ng mga anak at itapon ito sa mga aso'. Ngunit sinabi niya, 'Oo, Panginoon. Subalit maging ang mga aso ay kumakain ng mga mumo na nalalaglag mula sa hapag ng kanilang mga panginoon'. Nang magkagayo'y sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, 'O, babae, napakalaki ng iyong pananampalataya! Mangyayari sa iyo ang sinasabi mo'. At gumaling ang kanyang anak sa oras ding iyon" (Mateo 15:25-28).

Ipagpalagay nating malapit nang sipain ng eskuwelahan ang minamahal mong anak dahil nagsimula siya ng malaking gulo. Malamang, pupunta ka doon, luluhod sa harapan ng mga guro niya at hihilingin na patawarin na lang siya. Pero, papaano kung insultuhin ka ng guro niya at sabihin, "Masahol pa sa hayop ang anak mo! Alisin mo na siya dito!"? Ano ngayon ang gagawin mo?

Maaaring tiisin na lang ng iba sa inyo ang kahihiyan at magpatuloy sa maayos na pakikiusap. Sa kabilang banda, maaaring masaktan ang kalooban ninyo at isipin, "Paano niya nagawang insultuhin ako ng ganito?"

Nang lumapit kay Jesus ang babaing taga-Canaan para ipagamot ang anak na babaing sinapian ng demonyo, itinuring siyang parang aso. Gayon pa man, hindi sumama ang loob niya. Sa halip, nagpakumbaba siya at hiniling kay Jesus na pagalingin ang anak niya.

### 1. Ang babaing 'Syrophoenician' (ipinanganak sa Phoenicia, Syria) ay itinuring na parang aso subalit pinuri ni Jesus ang pananampalataya niya

Nangyari ito nang tumungo si Jesus sa distrito ng Tiro at Sidon. May isang babaing sumigaw ng "Mahabag Ka sa akin, O Panginoon, Anak ni David; ang anak kong babae ay pinapahirapan ng isang demonyo." Nagmakaawa itong palayasin ang demonyo mula sa anak niya. Noong panahong iyon, mahirap para sa isang 'Syrophoenician' na inapo ng mga taga-Cananea (Hentil) ang lumapit kay Jesus, na isang Judio. Galit kasi ang mga Judio sa mga Hentil at ayaw nilang magkaroon ng kahit na anong ugnayan sa kanila. Higit pa riyan, hindi tama na lumapit at humiling ang isang babae sa isang lalaking tulad ni Jesus. Pero, lumapit pa rin ang babae sa Kanya dahil desperado itong mapagaling ang anak niya. Kahit na nagsumamo siya, hindi sumagot ni kumilos si Jesus.

Masigasig ang pagmamakaawa ng babae kaya sinabi kay Jesus ng mga alagad Niya na paalisin ito dahil nagsisisigaw siya. Ngunit hindi inaasahan ang naging sagot Niya, "Ako'y hindi isinugo maliban sa mga nawawalang tupa ng sambahayan ni Israel." Ibig sabihin, hindi Niya ililigtas ang Hentil kundi mga Israelita lang.

Ngunit lumapit ang babae at lumuhod sa Kanya, nagsasabi, "Panginoon, tulungan Mo ako!" Subalit itinulad ni Jesus ang babae sa isang aso, sinabi Niya, "Hindi mabuti na kunin ang tinapay ng mga anak at itapon ito sa mga aso." Sinabi ito ni Jesus para subukin ang pananampalataya niya. Sa ganitong pangyayari, maiinsulto ang mga tao dahil pakiramdam nila tinatrato silang parang hayop, kaya aalis na lang sila.

Subalit nagpakumbaba ang babae, sinabi niya, "Oo, Panginoon. Subalit maging ang mga aso ay kumakain ng mga mumo na nalalaglag mula sa hapag ng kanilang mga panginoon." Hindi niya sinabi ito para lang pagalingin ni Jesus ang anak niya. Wala siyang galit sa puso niya. Hindi sumama ang loob niya dahil lubos ang tiwala niya kay Jesus. Hindi niya itinaas ang sarili niya. At ang puso niya ay mabuti at mapagkumbaba, kaya naging positibo ang mga sinabi niya.

Naantig ang damdamin ni Jesus nang marinig siya, at sinabi, "O babae, napakalaki ng iyong pananampalataya! Mangyayari sa iyo ang sinabi mo." At gumaling ang anak niya sa oras ding iyon. Sa ginawa niyang pagpapakumbaba, pumasa siya sa pagsubok sa kanyang pananampalataya at nasagot ang hinihiling niya.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

May mga taong nagpapakita ng pagpapakumbaba pero hindi taos-puso. Sa bandang huli, mahahayag din ang totoong motibo nila.

Naibigay ng babaing taga-Canaan ang espirituwal na sagot na hinihintay ni Jesus dahil mabuti at mapagkumbaba ang kalooban niya. Kung katulad niya tayo, hindi tayo magkikimkim ng sama ng loob at hindi tayo masasaktan kahit ano pang masakit na salita ang sabihin sa atin. Higit pa riyan, maaari pa nating baguhin ang damdamin nila sa mga sasabihin natin. Kapag nasaktan tayo sa sinabi sa atin ng ibang tao, sagutin natin nang maayos para magbago ang pakikitungo nila sa atin.

### 2. Nagpahayag ng mga patotoong mula sa puso ang mga ninuno ng pananampalataya

Sinabi ni Juan na Tagapagbautismo, na siyang naghanda ng daan ng Panginoon, "Dumarating na kasunod ko ang higit na makapangyarihan kaysa akin; hindi ako karapat-dapat yumukod at magkalag ng tali ng Kanyang sandalyas" (Marcos 1:7). Nagpakumbaba siya at sinabing malaking karangalan para sa kanya ang magsalita tungkol kay Jesus, ang Anak ng Diyos. Sinabi niyang hindi siya karapat-dapat yumukod at kalagin ang tali ng sandalyas Niya.

Nang marinig ni Juan na lumalapit na kay Jesus ang mga dating taga-sunod niya, sinabi niya, "Siya'y kailangang tumaas, ngunit ako'y kailangang bumaba" (Juan 3:30). Batid niya kung kailan siya magpaparaya. Hindi niya ipinagpilitan ang sarili niya, gusto lang niyang papurihan at parangalan si Jesus. Kaya pinapurihan din siya ni Jesus. Sinabi ni Jesus tungkol kay Juan: "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae ay wala pang lumitaw ni isa na higit na dakila kaysa kay Juan na Tagapagbautismo" (Mateo 11:11).

Sinabi rin ni apostol Pablo, "Higit pa roon, ang lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa higit na kahalagahan na makilala si Cristo Jesus na Panginoon ko. Alang-alang sa Kanya'y tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng mga bagay, at inari kong basura lamang, upang makamit ko si Cristo, at ako'y matagpuan sa Kanya..." (Filipos 3:8-9). Iwinaksi niya ang lahat ng mga bagay at sinabing pinakamahalaga sa lahat ang makilala si Cristo Jesus.

Noong hindi pa niya nakikilala ang Panginoon, siya ang nangunguna sa pag-uusig at pagpatay sa mga mananampalataya. Subalit nang makilala niya ang Panginoon, itinuring niya ang sariling "sa katapusan, tulad sa isang ipinanganak nang wala sa panahon" (1 Mga Taga-Corinto 15:8). At nakasulat sa 1 Kay Timoteo 1:15, nagpakumbaba siya at sinabing siya ang pangunahin sa lahat ng mga makasalanan.

At malaki ang pagmamahal niya sa Panginoon at sa mga kaluluwa kaya sinabi niya sa Mga Taga-Roma 9:3, "Sapagkat mamagalingin ko pang ako ay sumpain at mawalay kay Cristo alang-alang sa aking mga kapatid, na aking kamag-anak ayon sa laman." Dahil ganito ang layunin niya, nakapagpakita siya ng malaking kapangyarihan noong panahon ng Bagong Tipan at nakapagdala ng maraming Hentil patungo sa kaligtasan.

### 3. Pinagpapala ang may mabuti at mapagkumbabang puso, ang tumatanggap ng payo at mga pagkakamali

Sinasabing mayroong tatlong grupo ng tao batay sa pagtanggap nila ng pagkakamali. Tingnan ninyo kung saang grupo kayo kabilang.

Ang unang grupo: hindi tinatanggap ang pagkakamali nila; hindi nagpapasalamat, sa halip, sumasama ang loob; nawawala din ang kapuspusan ng espiritu. Ang pangalawang grupo: humahanap ng dahilan o palusot sa mga pagkakamali nila; hindi lumalago ang espiritu; walang nangyayari sa buhay espirituwal nila. Ang pangatlo at huling grupo: nagpapasalamat kapag pinapayuhan at pinagsasabihan; nagsisikap na itama ang pagkakamali nila; mabilis makapagbago para maging mga lingkod na banal.

Makikita dito na iba-iba ang reaksyon ng mga tao sa pagtanggap ng mga payo at puna sa kanila. Samakatwid, ang mga naniniwalang mababago sila sa pamamagitan ng payo ng iba ay dapat mag-asam at makinig sa payo.

Sa kabilang banda, kung hindi ninyo mahal ang isang tao, hindi ninyo magagawang sabihin sa kanya ang mga pagkakamali niya. Magagandang bagay lang ang gustong sabihin ng mga tao, ayaw nilang magsabi ng mga pangit. Kaya, kung pinagsasabihan kayo, huwag kayong magalit. Isipin ninyo, "Mahal ako ng taong ito, gusto niyang tumulong sa pagbabago ko." Pagkatapos nito, mas mabilis kayong mapapabanal.

Mahal kong mga kapatid, ang babaing taga-Cananea ay tumanggap ng mga biyaya dahil nagsalita siya nang may pagpapakumbaba na nangusap sa puso ni Jesus. Higit pa riyan, ang mga taong mapagkumbaba ay magagamit bilang mahahalagang sisidlan sa pagtanggap ng pag-ibig at lakas ng Diyos tulad nina apostol Pablo at Juan na Tagapagbautismo. Ito'y dahil mabuti sila sa mata ng Diyos at napupukaw nila ang damdamin ng ibang tao sa pamamagitan ng mga sinasabi nila. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang dakilang pag-ibig at biyaya ng Diyos dahil sa mabuting patotoo ninyo.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ibinibigay Mo Ba ang Buong Ikapu?

Ang Diyos ay hindi maaaring matukso ng kasamaan. Siya mismo ay hindi nanunukso sa kahit sino. Subalit sinasabi sa Malakias 3:10, "Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig upang magkaroon ng pagkain sa Aking bahay, at sa gayo'y subukin ninyo Ako ngayon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Tingnan ninyo kung hindi Ko bubuksan para sa inyo ang mga bintana ng langit, at ibubuhos Ko sa inyo ang isang pagpapala na walang sapat na kalalagyan." Ano ang dahilan nito?

Ang ikapu ay ang ikasampung bahagi (10%) ng mga kinita at tinubo natin na para sa Diyos. Ito ay iniutos ng Diyos sa mga Israelita pagkatapos ng Exodo. Hindi nangangahulugang susundin natin ang lahat ng mga utos noong panahon ng Lumang Tipan tulad ng pagsunod nila noon, pero ang diwang nakapaloob sa mga utos ay hindi nawawala sa panahon ng Bagong Tipan (Mateo 5:17). Dapat nating maunawaan ang kalooban ng Diyos tungkol sa pagbibigay ng ikapu para masunod ito nang husto.

Sinasabi sa Malakias 3:8-9, "Nanakawan ba ng tao ang Diyos? Gayunma'y ninanakawan ninyo Ako. Ngunit inyong sinasabi, 'Paano Ka namin ninanakawan?' Sa mga ikasampung bahagi at sa mga handog. Kayo'y isinumpa ng isang sumpa, sapagkat ninanakawan ninyo Ako – ng inyong buong bansa!" Sa madaling salita, sinasabi ng Diyos na ang hindi pagbibigay ng ikapu at mga handog ay pagnanakaw sa Kanya.

Mababasa sa Mateo 23:23, "Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Pariseo! Mga mapagpaimbabaw! Ibinibigay ninyo ang ikapu ng gulaying walang halaga ngunit kinaliligtaan ninyong isagawa ang lalong mahahalagang aral sa Kautusan: ang katarungan, ang pagkahabag, at ang katapatan. Tamang gawin ninyo ang mga ito, ngunit huwag naman ninyong kaliligtaang gawin ang iba." (Magandang Balita Biblia) Sinasabi dito na magbigay tayo ng ikapu nang may katarungan, pagkahabag at katapatan. Ibig sabihin, magbigay tayo nang may pag-ibig at pagmamalasakit.

Ang pagbibigay ng ikapu at pagsunod sa Sabbath ay mga pruweba ng pagtupad sa tungkulin ninyo bilang mga anak ng Diyos. Ito ay pagpapahayag ng pananampalataya at pagmamahal sa Diyos. Pagpapatunay ito ng pananampalataya ninyo at pagkilala sa Diyos na Manlilikha na Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng kayamanan ninyo. Pagpapakita rin ito ng pag-ibig at pasasalamat sa Kanya sa pagbibigay sa inyo ng ikabubuhay.

### Ibinibigay ba ninyo ang ikasampung bahagi ng buong kita ninyo?

Sabihin nating ang kinikita ninyo sa isang buwan ay sampung libong piso pero walong libong piso lang ang tinatanggap ninyo dahil ibinawas ang buwis, pensyon, at 'insurance'. Magkano ngayon ang ibibigay ninyong ikapu na ikasampung bahagi ng buong halagang tinanggap ninyo bago binawasan.

Kung hindi pare-pareho ang kinikita o tinutubo ninyo sa isang buwan tulad ng pagkain o mga kaloob, kailangan din ninyong mag-ikapu sa mga ito. Kung minsan, hindi ninyo alam ang totoong halaga ng kaloob, pero isipin na lang ninyo na mas mabuti na ang magbigay ng sapat na ikapu. Maaari nating sabihin na nagbibigay tayo ng buong ikapu kapag ibinibigay natin ang ikapu ng lahat ng mga bagay na tinanggap natin mula sa ibang tao.

### Nagbibigay ba kayo ng ikapu bukod sa iba pang mga handog?

Kailangan ninyong tingnan kung inilalaan ninyo ang ikapu ninyo para tumulong sa mahihirap o sa pagmimisyon. May mga nagbibigay ng ibang bahagi ng ikapu nila bilang handog. Hinihiling naman ng iba sa iglesya nila na gamitin ang ikapu nila sa kawanggawa.

Subalit ang ikapu ay para sa Diyos lamang. Kaya ito ay dapat nakabukod sa iba pang mga handog. Kung magbibigay kayo ng pera na para sa ikapu at sasabihin ninyong handog ito para sa ibang bagay, ninanakawan ninyo ang Diyos dahil pinangungunahan ninyo Siya. Mali ito. Dapat nating isaisip na ninanakawan natin ang Diyos kapag hindi natin ibinibigay ang buong ikapu, at kapag nagbibigay tayo ng ikapu sa maling paraan.

### Ibinibigay ba ninyo ang ikapu sa iglesyang nagpapakain sa espiritu ninyo?

Kung magkaiba ang iglesyang dinadaluhan ninyo at ang iglesyang nagpapakain sa espiritu ninyo, saan kayo magbibigay ng ikapu? Kung gumaling o nanumbalik ang kalusugan ng isang tao sa isang ospital, kailangan siyang magbayad sa ospital na iyon. Ganito rin sa pagbibigay ng ikapu. Ibigay ninyo ang ikapu sa iglesyang nagtatanim ng pananampalataya sa puso ninyo at nagbibigay buhay sa inyo sa pamamagitan ng mga espirituwal na mga mensahe. Ito ang ituring ninyong iglesya ninyo.

### Nasa pangalan ba ninyo ang ikapu ninyo?

Dapat ninyong tingnan kung ang ikapu ninyo ay nasa pangalan ng pamilya ninyo o nasa pangalan ninyong mag-asawa. Nagbibigay ang Diyos ayon sa ginagawa ng bawat isa. Magbigay ng ikapu sa sariling pangalan.

Kung ang isang misis ay nagbibigay ng ikapu sa pangalan ng mister niya na hindi mananampalataya para mabiyayaan din ito, maaaring mabigyan din ito ng Diyos ng pagkakataong maligtas dahil sa pananampalataya at pag-ibig ng misis niya. Pero, dapat munang tumulong ang misis na tanggapin ng mister ang Panginoon at magkaroon ng pananampalataya. Dapat din nating turuan ang mga anak natin na magbigay ng ikapu.

Pero may mga situwasyon na hindi sakop nito. Kung nagpamana ng ari-arian ang mga magulang sa anak nila at sa asawa nito o mayroong mag-asawang nagpapatakbo ng isang negosyo, pwede silang magbigay ng ikapu sa pangalan nilang dalawa. O kaya, maghati sila sa kita, o sa katumbas na porsiyento at magbigay ng ikapu sa pangalan ng bawat isa.

### Ilang beses bawat buwan ang pagbibigay ninyo ng ikapu?

Maaari kang magbigay ng buong ikapu sa tuwing tatanggap ka ng kita o tubo o kung kukwentahin ninyo ang halaga bawat isang buwan. Sa pagsasaka, ang kita ay kinukwenta bawat taon. Hindi regular ang kita dito dahil nanggagaling ito sa inani at ibinentang mga pananim. Pero nagbibigay pa rin sila ng ikapu sa tuwing kikita sila na nagmumula sa tubo o mga kaloob.

Kung nagbibigay ng panggastos ang mister sa misis niya pagkatapos niyang ibawas ang ikapu mula sa kita niya, hindi na kailangang magbigay ng ikapu ang misis niya. Dapat ding magbigay ng ikapu ang mga anak kapag tumatanggap sila ng baon at ng mga kaloob para sa mga gastusin nila. Pero kung ang perang tinanggap nila ay pang matrikula o pambili ng gamit para sa pag-aaral, hindi na nila kailangang magbigay ng ikapu dahil hindi naman nila kinita ang pera. Dapat magbigay ng ikapu ang mga magulang sa mga regalong tatanggapin sa kaarawan ng mga anak nila kahit bata pa ang mga ito o kapapanganak lang.

Kung tumanggap ng mamahaling regalo ang anak ninyo gaya ng computer o piano, dapat magbigay ng ikapu ang mga magulang sa pangalan ng anak. Pero kung masyadong mahal ang regalo at hindi kaya ng mga magulang ang magbigay ng ikapu, o kung hindi mananampalataya ang mga magulang, hindi ito kasalanan ng bata.

Kapag tumanggap ng 'scholarship' (may mga tao o kumpanyang sasagot sa matrikula ng mga anak) ang mga anak, dapat magbigay ang mga magulang ng ikapu sa pangalan ng mga anak o sa pangalan nila mismo dahil sila dapat ang magbayad ng matrikula. Dahil mahirap ang estudyante, ang lahat ng pera para sa scholarship niya ay ginagamit sa pagbabayad ng matrikula. Hindi na muna nila kailangang magbigay ng ikapu. Pero kapag kumikita na sila, o nagkatrabaho na, at may suweldo na, pwede na silang mag-ikapu.

### Inuuna ba ninyong isubi o ibukod ang para sa ikapu bago ang ibang panggastos?

Kapag nagsubi o nagtabi na kayo kaagad ng pera para sa ikapu mula sa kinita ninyo bago pa gumastos, maiiwasan ninyo ang situwasyong hindi makapag-ikapu dahil kinulang ang pera ninyo. Kung nangutang kayo sa bangko para sa negosyo o para sa bahay, ituring itong kinita na ninyo. Kaya ang mga taong mayroong pananalig ay nangungutang ng sapat para may pambayad sa pinaplano nila at para may pang-ikapu. Kung hindi makakautang ng sapat para may pang-ikapu, dapat ninyong pag-isipang mabuti, "Ito ba ang tamang panahon para tuparin ang plano ko?" Ang tamang panahon ay kung makakapagbigay na kayo ng ikapu.



# "Masaya Ako Dahil Nagkakaisa ang Buong Pamilya Ko sa Pagmiministeryo"

**Misyonerong Jaewon Lee** (Chiang Rai Manmin Church, Thailand)

Ipinanganak at pinalaki ako sa isang templo ng mga Buddhist. Ang ama ko ay isang Buddhist monk at ang ina ko naman ay Buddhist saint. Ako ang panganay na anak na lalaki. Ipinapangaral ko ngayon kasama ng pamilya ko ang ebanghelyo ng Cristianismo sa Thailand, isang bansang Buddhist.

Ang pagiging Cristiano sa isang bansang Buddhist katulad ng Thailand ay itinuturing na kasiraan. Gayon pa man, nagpatotoo kami tungkol sa buhay na Diyos sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at marami ang naging bunga ng aktibong ministeryo namin. Ang lahat ng ito ay naging posible dahil sa pagpapala ng Panginoon.

Dalawampung taon na ang nakakaraan, namuhay ako ng ordinaryong buhay dahil sa nabigong gawain ng pagmimisyon sa Thailand. Subalit nang mabalitaan ko ang tungkol sa Manmin Central Church, nagsimula nang magbago ang buhay ko. Noong 1998, gumaling ang sakit ko sa gulugod, gumaling din ang sakit na nararamdaman ng asawa ko pagkatapos niyang manganak dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Naging masaya ako sa buhay Cristiano ko at sa pag-aaral ng mahihirap na mga talata sa Biblia na ipinaliwanag ni Dr. Lee. Nagbigay siya ng detalyadong paglalarawan ng Langit, mga kasalanan, mga himala, at mga makapangyarihang pagkilos na nagpapakilala sa buhay na Diyos. Dahil dito, naging mas ganado akong magmisyon sa Thailand.

Noong Nobyembre 2009, pumunta ako sa Thailand bilang misyonero ng Manmin. Noong panahong iyon, marami na doon ang nakabalita tungkol sa Manmin Central Church at kay Dr. Lee dahil sa GCN TV. Mayroon na ding mga libro ni Dr. Lee na naisalin sa wikang Thai kaya naging madali na para sa akin ang pagmimisyon. Bumisita ako sa mga iglesya at ipinalabas ko ang DVD na pinamagatang "Power of God" at ipinanalangin ko sila. Pinadalhan ko rin ng *Balitang Manmin* sa wikang Thai ang 2,500 na iglesya. Dahil dito, nakipag-ugnayan sa akin ang ilang mga pastor.

Noong Mayo 2011, idinaos namin ang Performance and Blessing Meeting (pagtitipon na may pagtatanghal at pagbasbas) sa Thai Youth Detention Centers (piitan para sa mga kabataan) kasama ang grupo ng mga misyonero ng Manmin Central Church. Maganda ang naging pagtanggap sa mga pagtitipon, dahil dito, noong Marso 2012, nagkaroon kami ng pagkakataong magdaos ng pagtitipon sa Royal Military Academy at iba pang mga piitan para sa mga kabataan. Noong panahong iyon, naipangaral namin ang ebanghelyo sa mga opisyal na may matataas na posisyon. Nadagdagan din ang karangalan at pagkilala sa Korea dahil sa magandang pagtatanghal ng grupo at pagpapalabas ng DVD na "Power of God."

Sa kasalukuyan, mayroong 130 sangay at katuwang na mga iglesya sa Thailand. Ang Thailand ay nagsisilbing lugar kung saan binubuo ang mga planong pangangaral ng ebanghelyo sa peninsula ng Indochina na sumasakop sa Vietnam, Laos, Cambodia, at Myanmar. Pinaplano kong magsagawa ng seminar para sa mga pastor sa mga lugar na ito sa huling anim na buwan ng taong ito. Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Diyos na may tatlong Persona.

## "Gusto Kong Gisingin ang mga Kabataan sa Thailand sa Pamamagitan ng Makabagong Kulturang Koreano"

Kap. Sunghoon Lee (19)
Panganay ng misyonerong si Jaewon Lee



Noong bata-bata pa ako, nakabasa ako ng humigit-kumulang mga dalawampung libro tungkol sa mga kilalang misyonero tulad nina Underwood at Sundarsingh. Dahil dito masaya akong sumasama sa pagmimisyon ng mga magulang ko sa Thailand. Pagkalipas ng tatlong buwan, nakapagbukas na kami ng iglesya, pero walang mga musikero o manunugtog. Kaya nag-aral akong tumugtog ng gitara at nagustuhan ko naman dahil sa biyaya ng Panginoon. Mas magaling na ako ngayon, natutugtog ko na rin ang bass guitar o baho.

Nangangaral ng ebanghelyo ang Chiang Rai Manmin Church sa mga estudyante sa kolehiyo sa pagtuturo ng wikang Koreano. Tumutulong din ako sa nanay kong si Misyonera Soonok Lee sa pagtuturo nito. Nagbibigay ng kasiyahan sa amin ang gawaing ito dahil tinanggap nila ang ebanghelyo at naging mga lingkod na rin sa iglesya. Gusto kong gisingin at turuan ang maraming kabataan sa Thailand sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng tungkol sa direksyon ngayon ng kulturang Koreano.

## "Nang nagsikap ako, tinulungan ako ng Diyos"

Kap. Sunghyun Lee (16)
Pangalawang anak na lalaki



Magmula noong bata pa ako, pinangarap ko nang maging misyonero. Kaya masaya akong pumunta sa Thailand. Tumutugtog ako ng piano sa Chiang Rai Manmin Church. Nag-aral ako ng piano isang oras bawat linggo sa loob ng dalawang buwan. Pagkatapos noon, hindi ko alam kung bakit hindi na ako natuto, kaya nag-aral na lang akong mag-isa. Gusto ko talagang luwalhatiin ang Diyos sa mabilis kong pagkatuto, pero hindi ito naging madali. Kahit hindi ako bihasang gumising nang maaga, ginawa ko ito para mag-ensayo. At nag-ensayo pa rin ako pagkatapos ng klase ko. Hiniling ko rin ang tulong ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno. Dahil dito, nakakatugtog na ako ng mga himno pagkatapos ng tatlong buwang pag-aaral.

Naantig ang damdamin ng mga miyembro ng aming iglesya sa pagtugtog ko. Nagsisi sila habang umiiyak dahil hindi sila naging tapat sa paglilingkod sa Diyos. Nangako silang mas lalo pa silang maglilingkod sa Kanya. Nasorpresa at nagpasalamat ako dahil nakapagpabago ng puso ng mga miyembro ang pagtugtog ko.

## "Masaya ako dahil marami ang naitutulong ko"

Kap. Sungkyul Lee (14)
Pinakabatang anak na lalaki



Bata pa ako, pero marami akong dapat gawin sa Thailand. Naglilingkod ako bilang guro sa Sunday School ng mga bata at tumutulong sa pagluluto sa restawran ng iglesya. Ako rin ang nagdedekorasyon ng santuwaryo at nangangaral din ng ebanghelyo sa mga tao. Nagtatambol din ako para sa grupo ng papuri pagkatapos kong matutong mag-isa. Kung minsan, tinutulungan ko ang nanay ko sa pagtuturo ng wikang Koreano. Habang nagsisikap ako araw-araw, nagiging magaling na ako sa pagsasalita ng Thai at Ingles.

Dalawang buwan na ang nakakalipas, nagkaroon ako ng humigit-kumulang dalawampung kalyo sa paa Masakit ito, pero nakaranas ako ng kamangha-manghang pangyayari. Pagkatapos kong pahiran ng Muan Sweet Water ang mga paa ko, nawala lahat ang mga kalyo ko kinabukasan. Sa palagay ko, nalugod ang Diyos sa akin dahil nagsikap ako kahit sa munting mga bagay para sa kaharian Niya.


**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

Manila Manmin Holiness Church
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

Bataan Manmin Holiness Church
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

Isabela Manmin Holiness Church
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

Cavite Manmin Holiness Church
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714